

Ang Pag-akyat ng Halaga ng Pagsunod ng National Flood Insurance Program o Pambansang Programa sa Insurance ng Baha ay Makakatulong sa Muling Pagtatayo

Release Date: Pebrero 15, 2019

Kung ikaw ay may policy sa National Flood Insurance Program (NFIP) o Pambansang Programa para sa Insurance sa Baha at ang iyong tahanan ay malawak na nasira ng baha dahil sa Bagyong Michael at ito ay nasa isang Special Flood Hazard Area o Espesyal na Lugar na Mapanganib sa Baha, maaari mong tanungin ang iyong tiga-adjust ng mga paghahabol o claims adjuster o ahente ng insurance ang tungkol sa nasakupan ng Increased Cost of Compliance (ICC) o Pag-akyat ng Halaga ng Pagsunod.

Sa ilalim nitong sakupan, ikaw ay maaaring kuwalipikadong tumanggap ng hanggang \$30,000 upang tumulong sa pagbayad sa halaga ng pagsasailalim ng iyong tahanan sa mga hinihiling ng pamamahala ng mga kapatagang binabaha sa iyong komunidad. Ang administrador sa mga kapatagang binabaha sa iyong komunidad ay makakabigay ng impormasyon tungkol sa mga kakailanganin.

Ang sakupan ng ICC ay dagdag sa sakupan para sa pagkumpuni ng aktwal na pisikal na pagkaira ng gusali na dulot ng baha.

Pagkatapos ng baha, ang mga lokal na opisyal ay magpapasya kung ang istraktura ay sadyang “malaki ang pagkasira.” Ang ibig sabihin ng malaki ang



FEMA

Page 1 of 2

pagkasira ay ang halaga ng muling pagtatayo ay mahigit sa 50 porsyento ng halaga ng bahay bago ang baha. Ang ibig sabihin ng pagpapasya tungkol sa malaking pagkasira ay ang bahay ay dapat na tinatapatan ang kasalukuyang mga kodigo at ordinansya kung kailan ito muling itatayo.

Ang mga pondo ng ICC ay makakatulong sa pagbayad ng mga gastusin sa pagtataas, pagseseguro laban sa baha, paggigiba o paglilipat ng isang istrakturang pambahay. Ang sakupan ng ICC ay mapapakinabangan din ng mga gusaling hindi pambahay, kasama na ang mga gusaling pampubliko o panggobyerno katulad ng mga eskuwelahan, mga aklatan at istrakturang pang-munisipyo na na-insure sa ilalim ng policy ng NFIP.

Kailangan mong mag-file ng kahilingan sa ICC sa loob ng 60 araw simula nang mabigyan ka ng notisya tungkol sa malaking pagkasira galing sa iyong komunidad. Ang NFIP ay nagdedesisyon tungkol sa mga claims o paghahabol na na-file pagkatapos ng 60 araw sa batayang kaso sa kaso.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangkalahatang mga katanungan kaugnay ng insurance sa baha, kontakin ang iyong lokal na administrador sa kapatagang binabaha, NFIP sa 800-427-4661, o ang iyong ahente ng insurance. Maaari mo ring i-email ang FloodSmart@dhs.gov upang humiling ng impormasyon sa wikang maliban sa Ingles. Ang impormasyon ay maaari ding makuha sa [FEMA.gov](https://www.fema.gov) and [FloodSmart.gov](https://www.floodsmart.gov).

###

